



### Lungsod ng Brampton papasok sa Grey-Lockdown Level ng Probinsya sa Marso 8

BRAMPTON, ON (Marso 7, 2021) – Simula sa Lunes, Marso 8 sa 12:01 am, ang Brampton, bilang bahagi ng Rehiyon ng Peel ay papasok sa Grey-Lockdown Level ng [COVID-19 Response Framework: Pananatiling Ligtas at Bukas ng Ontario](#) ng Pamahalaan ng Ontario .

#### Grey-Lockdown Level ng Pamahalaan ng Ontario

Kabilang sa Grey-Lockdown Level ng Lalawigan ang mga pangkaligtasang pamamaraan at limitasyong ito:

#### ***Inorganisang mga pampublikong event, pagtitipon ng mga tao at panrelihiyong mga serbisyo, ritwal at mga seremonya***

- Walang indoor na inorganisang mga pampublikong event o mga pagtitipon ng mga tao maliban sa mga miyembro ng iisang sambahayan. Ang mga indibidwal na naninirahan nang mag-isa, kabilang ang mga senior, ay maaaring pag-isipang magkaroon ng malapitang kontak sa isa pang tao;
- Ang outdoor na inorganisang mga pampublikong event o pagtitipon ng mga tao ay limitadp sa pinakamarami 10 tao;
- Ang mga serbisyo ng kasal, serbisyo ng libing at mga panrelihiyong serbisyo, mga ritwal o seremonya kung ssan pwedeng mapanatili ang paglayo mula sa iba ay maaaring magkakaroon ng hanggang 10 tao indoor o 10 tao outdoor.

#### ***Mga Negosyo***

- Pwede ang personal na pamimili na may limitasyon sa kapasidad:
  - Mga supermarket at iba pang mga tindahan na pangunahing nagbebenta ng groceries, convenience stores, mga botika: 50 porsyento
  - Lahat ng iba pang retail (kabilang ang discount at big box retailers, liquor stores, hardware stores, garden centres): 25 porsyento
- Ang mga restawran, bar, at mga establisyemento ng pagkain at inumin ay pwede lamang magbigay ng takeout, drive-through at delivery. Ipinagbabawal ang indoor at outdoor na mga serbisyo ng pagkain;
- Sarado ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga kabilang ang hair salons, barber shops, nail salons at tattoo parlours;
- Sarado ang mga casino, bingo hall at iba pang ng mga establisyemento na pang-gaming;
- Sarado ang mga pasilidad ng indoor sports at panlibangan, kabilang ang pools, na may limitadong mga exception.
- Pinapayagan ang domestic at paglilinis at mga serbisyo ng maintenance. Pinapayagan ang outdoor na paglilinis at mga serbisyo ng maintenance, kabilang ang pagpipintura para sa indoor o outdoor, paglilinis ng pool, pangkalahatang pagkumpuni.

#### ***Mga Paaralan at Childcare***



- Ang mga paaralan, bago at pagkatapos ng mga programa ng paaralan at ang child care ay mananatiling bukas;
- Bukas ang mga paaralan na postsecondary para sa birtwal na pag-aaral na may ilang limitadong eksepsyon para sa pagsasanay na pwede lang maibigay nang personal, tulad ng klinikal na pagsasanay o pagsasanay kaugnay ng isang trade.

### **Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod**

#### ***City Hall at Corporate na mga Pasilidad***

Mananatiling bukas ang City Hall at ang corporate na pasilidad para sa personal na mga serbisyo sa pamamagitan ng appointment lamang. Hindi pinapayagan ang mga walk-in. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline).

#### ***Mga Panlibangang Sentro ng Lungsod***

Ang lahat ng panlibangang mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay manaantiling sarado sa publiko at patuloy na suspinado ang mga inddor na programa hanggang sa karagdagang abiso.

#### ***Mga Birtwal na Programa***

**Birtwal na Fitness**

Ang mga residente ay iniimbitahan na sumali sa instructor-led na birtwal na mga kalse sa fitness. Ang libreng 30 minutong live workout kasama ang bihasang mga instructor ay magsisimula sa Marso 15.

Magbubukas ang rehistrasyon sa Marso 8.

**55+ Workshops**

Ang mga residente ng Brampton na 55 taong gulang at higit pa ay maaaring mag-register para sa libreng birtwal na mga workshop mula sa ginhawa ng kanilang tahanan. Ang mga kalahok ay magkakaroon ng pagkakataong makihalubilo, bumuo ng bagong pagkakaibigan at kumonekta online sa isang ligtas at structured na kapaligiran.

**Nagsasali sa Lahat na Birtwal na mga Aktibidad at mga Workshop**

Ang serye ng isang magandang pagkakataon para sa mga kalahok na may mga kapansanan at exceptionalities na sumali sa mga aktibidad, alamin ang ilang bagay na bago at lumikha ng tumatagal na pagkakaibigan kasama ang mga taong may kaparehong hilig (peer).

Makikita ang mas maraming impormasyon tungkol sa mga alok sa birtwal na programa, kabilang ang mga detalye tungkol sa kung paano mag-register sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

#### ***Rec At Home***

Manatiling aktibo at abala sa bahay sa self-guided online arts at craft tutorials, accessible 24/7! Alamin kung paano gumawa ng origami hearts, sanayin ang iyong calligraphy skills at marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home [dito](#), gawa nang may pagmamahal ng Brampton Recreation.

#### ***Brampton Library***

Ang Brampton Library ay magbibigay ng limitadong mga serbisyo sa loob ng branch sa Chinguacousy, Four Corners, at Springdale

**Mga Branch Library.** Ang Curbside Pickup sa mga lokasyong ito ay hihinto, simula Marso 15, 2021. Ang Curbside Pickup ng hawak na mga materyal ay patuloy na iaalok sa Cyril Clark, Gore Meadows, Mount Pleasant Village, South Fletcher's at South West Branch Libraries. Maaaring humiram ang mga kostumer ng Grab'n' Go bags ng mga materyal ng library sa lahat ng lokasyon ng Brampton Library at ibalik ang mga materyal nang ligtas at madali sa pamamagitan ng 24-oras na external drop boxes. Hindi sisingilin ang multa sa pagiging-overdue hanggang sa karagdagang abiso.

Kabilang sa mga serbisyo sa loob ng branch ang olds pickup, maikling paggamit ng mga computer para



sa mga pantransaksyong layunin, mga serbisyo sa printing, at photocopying lamang. Hindi available ang espasyo ng pag-aaral sa loob ng branch at hindi pinapayagan sa panahong ito ang paggamit ng personal na mga device para magtrabaho o mag-aral.

[I-click dito](#) para sa mga oras ng operation, ligtas na mga protokol at paano ilalagay ang holds.

### **Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha**

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha, ang mga hindi medikal na mask o mga pantakip ng mukha ay kinakailangan sa lahat ng indoor na mga pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga pampublikong establisyemento at mga negosyo ay inuutusang tiyakin na ang mga mask o pantakip ng mukha ay isinusuot sa indoor sa mga pampublikong espasyo sa ilalim ng kanilang kontrol.

Ini-exempt ng ordinansa ang ilang indibidwal, kabilang ang mga taong hindi pwedeng magsuot ng mask o pantakip ng mukha dahil sa mga medikal na rason; mga bata na wala pang dalawang taong gulang; mga indibidwal na kasali sa pang-atletang gawain ayon sa Emergency Orders. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: [www.brampton.ca/masks](http://www.brampton.ca/masks)

Ang mga residente at mga negosyo ay maaaring tumawag sa 311, bisitahin ang [www.311brampton.ca](http://www.311brampton.ca) o gamitin ang 311 mobile app para sa mas maraming impormasyon at mga hiling sa serbisyo.

### **Mga Link**

Alamin ang mas marami pa tungkol sa:

- [Lungsod ng Brampton mga programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatiling ligtas sa mga negosyo at lugar ng trabaho sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

#### **MGA KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

